KIDS GOD WORSHIP
www.kidworship.kr

# Isaac at Rebecca

– 8th Story–



51Page

**Abraham** "Si Isaac ay na wastong edad na upang mag asawa. Kailangan kong makahanap ng maaring maging kanyang asawa."

**N A R** Nag desisyon si Abraham na hanapan ng asawa si Isaac. Subalit ayaw ni Abraham na makasal si Isaac sa isang Cananaian. Naisip niya ang haran ang kayang lupang sinilangan. Tinawag ni Abraham ang pinaka pinagkakatiwalaan niyang serbidora.

**Abraham** "Pumunta ka sa Haran ang kumuha ka ng mapapangasawa ng aking anak na si Isaac. Gagabayan ka ng Diyos."

**N A R** Umalis ang taga sunod ni Abraham kasama ang sampung kamelyo bilang handog sa mapapangasawa.

**N A R** Nakarating ang tagasunod ni Abraham sa haran ng mga oras ng hapunan. Sa pagod ng mahabang paglalakbay umupo ang tagasunod sa tabi ng balon sa labas ng bayan upang magpahinga. Ang balon ay napapalibutan ng mga babae ng kumukuha ng tubig para sa paghahanda ng makakain.

**Tagasunod** "Saan ko mahahanp ang mapapangasawa ni Isaac."


**N A R** Ang matandang tagasunod ay pagod. Ngunit naalala niya ng mga salita ni Abraham. "Gagabayan ka ng Diyos."



52Page

**N A R** Lumuhod ang tagapag sunod sa tabi ng balon at nanalangin.

**Tagasunod** 'Panginoon! Ang mga babae ng bayang ito ay nagsisipunta sa tabi ng balon upang kumuha ng tubig. Kung sino man ang magbibigay ng tubig na maiinom saakin at ng tubig para sa aking mga kamelyo, malalaman ko na kung sino ang nakatakdaang mapapangasawa ni Isaac.'



53Page

**N A R** Kinalaunan, may isang babae na nagtungo sa balon na may dalang tapayan. Ang babaeng ito ay maganda, at may inosenteng mukha. Pinanuod ng tagapagsunod ang babae habang ito ay kumukuha ng tubig sa balon. KInausap niy ito at sinabing.

**Tagasunod** "Maari mo ba akong bigyan ng tubig mula sa iyong tapayan?"

**Rebekah** "Uminon po kayo, Ako ay kukuha din ng tubig para sa iyong mga kamelyo."

**N A R** Nabigla ng tagapagsunod sa kanyang narinig.

**Tagasunod** 'Dininig ng Panginoon ang aking Panalangin! Ang babaeng ito ang nakalaan para kay Ginoong Isaac.'

**N A R** Masaya ang tagapagsunod sapagkat nasumpungan na niya ang mapapangasawa ni Isaac.



54Page


N A R Rebeka ang ngalan ng babae. Binigyan ng tagapag sunod si Rebeka ng Regalong singsing at dalawang purselas. At pumunta sa tahanan ng dalaga upang makilala ang ama nito. Masayang tinanggap ng Ama at ina ni Rebeka ang panauhing tagapasunod ni Abraham. Sinabi ng tagapasunod ang kanyang dahilan kung bakit siya naroroon.

**Tagasunod** "Ako ay ang tagapsunod ni Abraham. Ang amo ko ay mayroong anak, siya ay si Isaac. Naparito ako upang humanap ng mapapangasawa ang amo kong si Isaac."

**Ama** "Ito ay plano ng Diyos. Heto si Rebeka. Dalhin mo siya at sabihin mo na siya ang mapapangasawa ng amo mong si Isaac."

N A R Natanggap ng tagapasunod ang pagsang-ayon ng ama ni Rebeka sa kasal. Sinabi din ni Rebeka na gusto niyang sumama rito.

.......................................................................................



55Page



56Page

N A R Nang kinaumagahang din iyon, umalis na ang taga pasunod at si Rebeka at pumunta sa tahanan ni Abraham. Nangyaring naroroon din si Isaac at nagbubulaybulay.

**Isaac** 'Sino ang babaeng ito?'

N A R Nilapitan ni Isaac ang tagapasunod. Sinabi ng tagapasunod kay Isaac ang lahat. Pgkatapos, inanyayahan ni Isaac si Rebeka sa kanilang tahanan. Ikinasal sina Rebeka at Isaac ng may basbas ng marami. Nabuhay sila ng masagana, at masaya sa piling ng isat-isa.